Paksa: Pag-ibig at Pagpapatawad: Magandang Tumbasan



Mga Pagbasa

* **2 Sam 12:7-10.13 –** Tinukoy ni Propeta Natan ang bigat ng pagkakasala ni David.
* **Ga 2:16.19-21 –** Pagbibigay-diin ni Pablo sa pambihirang ginagampanan ng pananalig sa paghirang sa atin
* **Lu 7:36-8:3 o 7:36-50 –** Pagsasalaysay ni Hesus sa mga talinghaga ng dalawang may-utang upang ipaliwanag ang pagpapatawad niya sa babaeng makasalanan.

Paunang Salita

Kasabihang walang makatatapat sa pag-ibig, maliban sa kapwa pag-ibig din. Gayunman, ipinangangaral ni Hesus na matatapatan din ng pagpapatawad ang pag-ibig. Gayon nga sapagkat ang pagpapatawad ay isa lang katawagan sa pag-ibig. Ganito ang turo ni Hesus ngayon sa pamamagitan ng salaysay tungkol sa makasalanang babaeng pinatawad dahil sa laki ng kanyang pagmamahal. Totoo rin ang kasalungat nito, na dakila siyang nagmahal pagkat malaki ang pinatawad sa kanya.

Angkop din ito sa atin sapagkat ang kaugnayan ng pag-ibig at pagpapatawad ay sumasaklaw sa buong sangkatauhan sa larangan ng kaligtasan at kapayapaan. Ang pagpapatawad ay isang paraan ng pagtugon sa pag-ibig kung paanong ang pag-ibig ay isa ring paraan ng pagtugon sa pagpapatawad. Patatagin nawa tayo ng pagdiriwang ng Eukaristiyang ito sa paniwala nating ito at tulutan nawang ito'y isabuhay natin.

Unang Pagbasa • 2 Sam 12:7-10.13

Balangkas

* 7-8 – Mga natatanging kabutihan ng Panginoon kay David
* 9 – Malalaking kasalanan ni David
* 10 – Parusa sa mga kasalanan ni David
* 13 – Pangungumpisal ni David at pagliligtas sa buhay niya

Kaligirang Pangkasaysayan

Kasikatan noon ng kapangyarihan ni Haring David at nadaig niya ang lahat niyang kalaban. (Sangguniin 2 Sam 8 at 10.) *Ngunit dahil sa dalawa niyang nagawang malaking pagkakasala, labis na nalungkot ang Panginoon.*

Nakiapid si David sa asawa ng isa sa kanyang mga sundalo na kanyang ipinapatay sa isang labanan. (Sangguniin 2 Sam 11:1-17.)

Sinugo ng Diyos kay David ang propetang si Natan upang sa pamamagitan ng parabulang tungkol sa isang kordero (sangguniin 2 Sam 12:1-6) *ay ipaunawa sa kanya ang bigat ng kanyang mga kasalanan at ang matinding parusa rito.*

Panimula

Ipinaalaala ni Natan ang parusa sa pagkakasala ng Hari, gayundin ang maraming tanda ng dakilang pag-ibig sa kanya ng Panginoon. At sa reaksiyong kababaang-loob at tapat na pagsisisi ni David, pinagaan ang parusang kamatayan sa kanya.

2 Samuel 12:7-10.13

[7] Sinabi agad ni Natan kay David, "Kayo ang lalaking iyon! Ito ang sinabi
sa inyo ng Panginoon, ng Diyos ng Israel: 'Itinalaga kitang hari sa Israel,

iniligtas kita sa kamay ni Saul, [8] ibinigay ko na rin sa iyo ang
sambahayan nina Israel at Juda. at maibibigay ko sa iyo ang
higit pa riyan. [9] Bakit mo pinaglaruan ang salita ng Panginoon
at gumawa ka nang labag sa kanyang kalooban? Ipinapatay mo
na si Urias, kinuha mo pa ang kanyang asawa. Oo, ipinapatay
mo ang Heteong iyon sa mga Ammonita upang makuha mo ang
asawa niya. [10] Yamang ginawa mo ang mga bagay na iyon at
ako'y itinakwil mo, tandaan mong laging may mamamatay sa
patalim sa iyong sambahayan.'"
[13] Sinabi ni David kay Natan, "Kung gayo'y pinatatawad ka
na niya at hindi ka mamamatay."

Ang Salita ng Diyos
sa Aking Buhay

1. Nabilang ko na ba ang maraming biyaya ng Panginoon sa akin?
2. Paano kong natugunan ang pagkabukas-palad sa akin ng Diyos?
3. Paano kong ipinakikita ang aking pasasalamat sa mga taong gumawa sa akin ng kabutihan?

Ikalawang Pagbasa • Ga 2:16.19-21

Balangkas

* 18 – Pinagtitibay tayo ng pananampalataya, hindi ng Kautisan.
* 19-20 – Ang malalim nating kaugnayan kay Kristo
* 21a – Tugon ni Pablo sa grasya ng Diyos
* 21b – Kongklusyon ni Pablo

Kaligirang Pangkasaysayan

Marami sa mga tapat na taga-Galacia ang napapaniwalang ang ilang kaugaliang Judio, gaya ng pagpapatuli at pag-iwas sa ilang pagkaing itinatakda ng Kautusan ni Moises, ay kailangan para sa kaligtasan. Para kay Pablo, ito ay di-tuwirang pagtanggi sa katotohanang tanging buhay na pananampalataya lamang kay Hesus ang makapagliligtas. Kaya upang labanan ang gayong maling paniwala, sinulat ng Apostol ang siping maririnig natin ngayon.

Panimula

Sa siping ito, ipinagdiinan ng Apostol na kung tama ang kanyang mga kalaban, ang pagkamatay ni Kristo ay ganap na sanang walang ano mang saysay.

Galacia 2:16.19-21

[16] "Alam naming ang tao'y pinawawalan-sala dahil sa pananalig kay
Hesukristo at hindi dahil sa mga gawa ayon sa Kautusan. Nananalig din kami
kay Kristo Hesus upang pawalan-sala ng Diyos sa pamamagitan ng pananalig
kay Kristo, at hindi sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan. Sapagkat ang
tao'y di mapawawalan-sala sa pamamagitan ng pagtalima sa Kautusan.
[19] "Ako'y namatay na sa Kautusan – sa pamamagitan na rin ng Kautusan
upang mabuhay para sa Diyos. Namatay na akong kasama ni Kristo sa
krus. [20] At kung ako ma'y buhay hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo
ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nasa daigdig, namumuhay ako sa
pananalig sa Anak ng Diyos na umibig sa akin at nag-alay ng kanyang buhay
para sa akin. [21] Hindi mapawawalan-kabuluhan ang kaloob ng Diyos. Kung
ang tao'y pinawawalan-sala sa pamamagitan ng Kautusan, walang kabuluhan
ang pagkamatay ni Kristo!"

Ang Salita ng Diyos
sa Aking Buhay

1. Naniniwala ba akong utang ko kay Hesukristo ang aking kaligtasan at matatamasa ko lamang ang gayong kaloob kung matibay akong suma-sampalataya sa kanya?
2. Gaano ang utang na loob ko kay Hesus sa lahat ng tinis niya para sa akin?
3 Masasabi ko ba – gaya ni Pablo – na hindi ako, kundi si Kristo na, ang nabubuhay sa akin?

Mabuting Balita • Lu 7:36-50

Balangkas

* 36 – Panimulang taludtod
* 37-38 – Hinugasan ng luha ng Isang kilalang masamang babae ang paa ni Hesus.
* 39-43 – Reaksiyon ng maybahay at ang talinghaga tungkol sa dalawang may-utang
* 44-46 – Inihambing ni Hesus ang asal ng maybahay sa ginawa ng babae.
* 47 – Kaugnayan ng pag-ibig at pagpapatawad
* 48 – Pinatawad ni Hesus ang mga kasalanan ng babae.
* 49 – Reaksiyon ng ibang panauhin at pangwakas na pananlita ni Hesus sa babae

Kaligirang Pangkasaysayan

Sa simula pa lamang ng kanyang misyon sa Galilea, si Hesus ay nakatawag-pansin na agad ng mga pinunong relihiyoso, lalo na ng mga eskriba at Pariseo dahil sa kanyang waring "liberal" na saloobin sa Araw ng Pagpapahinga. (Sangguniin Lu 6:1-11.)

Sa kabilang dako, marami rin siyang pambihirang nagawa, gaya ng pagpapagaling sa isang alipin ng isang senturyon (Lu 7:1-10) *at pagbuhay na muli sa anak ng isang balo ng Nain* (Lu 7:11-15). *Kaya nga, nagpahayag ang mga taong "Dumating sa atin ang isang dakilang propeta!"* (Lu 7:16)

Malinaw na si Hesus ay hindi lamang isa sa maraming tagapangaral na napapabalita paminsan-minsan. Di kataka-taka kung mahigpit na minanmanan ng mga eskriba at Pariseo ang kanyang mga kilos at salita.

Panimula

Ang salaysay ngayon ay isa na sanang pagkakataon, ayon sa plano ng maybahay, para higit nilang makilala si Hesus at ang kanyang pangangaral. Ngunit di nila sukat akalain ang ginawang paghuhugas ng babaeng makasalanan sa paa ni Hesus. At higit silang nagulat nang "pinatawad" pa ni Hesus ang mga kasalanan ng babaeng iyon.

Lucas 7:36-50

[36] Inanyayahan si Hesus ng isa sa mga Pariseo upang makasalo niya. Pumaroon siya sa bahay nito at dumulog sa hapag. [37] Sa bayan namang yaon ay may isang babae na kilalang makasalanan. Nabalitaan niyang kumakain si Hesus sa bahay ng Pariseo, kaya't nagdala siya ng pabangong nasa sisidlang alabastro. [38] At lumapit siya sa likuran ni Hesus, sa gawing paanan. Siya'y nanangis at nabasa ng kanyang luha ang mga paa ni Hesus. Pinunasan niya ang mga ito ng kanyang buhok, hinagkan, at pinahiran ng pabango. [39] Nang makita ito ng Pariseong nag-anyaya kay Hesus, nasabi nito sa sarili, "Kung talagang propeta ang taong ito, alam niya kung sino at kung anong uri ng babae ang humihipo sa kanya – isang makasalanan!" [40] Bilang tugon sa iniisip ni Simon, sinabi ni Hesus, "Simon, may sasabihin ako sa iyo." Sumagot siya, "Ano po iyon, guro?" [41] Sinabi ni Hesus, "May dalawang taong nanghiram sa isang nagpapautang; ang isa'y 500 denaryo at ang isa nama'y limampu. [42] Nang hindi makabayad, pareho silang pinatawad. Ngayon, sino sa kanila ang lalong nagmamahal sa nagpautang?" [43] Sumagot si Simon, "Sa palagay ko po'y ang pinatawad ng malaking halaga." "Tama ang sagot mo," ang tugon ni Hesus. [44] Nilingon niya ang babae, at sinabi kay Simon, "Nakikita mo ba ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay at hindi mo man lamang ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa; ngunit binasa niya ng luha ang aking mga paa at pinunasan ng kanyang buhok. [45] Hindi mo ako hinagkan ngunit siya, mula nang pumasok ay hindi tumitigil ng paghalik sa aking mga paa. [46] Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo, subalit pinahiran niya ng pabango ang aking mga paa. [47] Kaya't sinasabi ko sa iyo, ang malaking pagmamahal na ipinamalas niya ang nagpapatunay na pinatawad na ang marami niyang kasalanan; ngunit ang pinatawad ng kaunti ay kaunti lang ang pagmamahal na ipinamamalas." [48] Saka sinabi ng babae, "Pinatawad na ang iyong kasalanan." [49] At ang kanyang mga kasalo sa pagkain ay nagsimulang magtanong sa sarili, "Sino ba itong pati pagpapatawad ng kasalanan ay pinangangahasan?" [50] Ngunit sinabi ni Hesus sa babae, "Iniligtas ka ng iyong pananalig; yumaon ka na't ipanatag mo ang iyong kalooban."

Ang Salita ng Diyos sa Aking Buhay

1. Naniniwala ba ako sa kahalagahan ng pag-ibig sa aking moral na buhay?
2. Hinahatulan ko ba ang iba batay sa kanilang mga pagkukulang o sa kanilang pagsisikap na maging "taong magiliw"?
3. Paano kong binabalak pagbayaran ang mga nakaraan kong kasalanan?

Sa Ganap na Pag-unawa sa Mensahe

1. Sino ang minsa'y nag-anyaya kay Hesus sa isang hapunan?
2. Ano ang ginawa ng babaeng makasalanan sa hapunang iyon?
3. Ano ang nasabi sa sarili ng maybahay?
4. Ano ang naging reaksiyon ni Hesus sa kanyang iniisip?
5. Ano ang unang sinabi ni Hesus sa babae?
6. Ano ang naging reaksiyon ng ibang panauhin sa gayong sinabi ni Hesus?

Pagtuklas sa Mensahe

1. Bakit inanyayahan ng isang Pariseo si Hesus sa isang hapunan? *(Sangguniin ang Panimula, kung kailangan.)*
2. Ano ang ipinahayag ng inasal ng babae?
3. Bakit pinatawad ang maraming kasalanan ng babaeng iyon? *(Sangguniin t. 47 at 50.)*
4. Ano ang kaugnayan ng pag-ibig at pagpapatawad?
5. Ano ang reaksiyon ng ibang panauhin nang sabihin ni Hesus sa babae, "Pinatatawad na ang iyong mga kasalanan"?
6. Ano ang kahalagahan ng pananampalataya sa ating kaligtasan?

PAGNINILAY

Ang pag-ibig ay isang maganda't nakasisiyang karanasan. Ito'y nakapagpapatibay at nakapagpapabago ng tao. Nailalabas nito ang pinakamahusay sa isang tao kung paanong nailalantad din naman ng pagkamuhi ang kanyang kasamaan. Tunay ngang ang pag-ibig ay siyang pinakamagandang "likha" ng Diyos. Hindi ito matutumbasan ng ano mang halaga. Malaya itong naibibigay at natatanggap nang buong puso; karapat-dapat ito sa may mabuting kalooba't saloobin.

Ang pag-ibig ay katutubo sa Diyos. Lahat ng magiliw ay nakaugat sa Kanya. Nagmumula ito at humahantong din sa Kanya. Di kataka-takang sinulat ni San Juan: "Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig . . . at ang umiibig ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos" *(1 Jn 4:8.16).* Sinabi pa rin ng apostol na "Ang nagsasabing 'Iniibig ko ang Diyos' at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung ang kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya maibig, paano niya maiibig ang Diyos na hindi nakikita?" *(1 Jn 4:20-21)*

Ang pag-ibig ay isa ring hamon, pagkat ito'y maaari ring masaktan . . . . at maaari rin itong mamatay. Ang tuksong magkait ng pag-ibig sa taong pinaghihinakitan, o kaya'y maghiganti, ay sukat na makapangyari sa atin na animo'y isang malakas at mapamuksang ipuipo. Tunay ngang kung minsan, ang tungkuling magmahal sa mga nakasakit sa atin ay magparang imposibleng matupad – kasalungat nga ng ating natural na katangian.

Gayunman, nananatili pa rin ang gayong tungkulin. At dito pumapasok ang pagpapatawad. Ang pagpapatawad ay pag-ibig na ayaw magpatalo . . . ayaw mamatay. Ang pagpapatawad ay pag-uumapaw na awang gaya ng isang pabango ay nakadadaig sa baho ng kawalan ng katarungan at hinanakit. Kailanma't idinudulot ito nang buong katapatan, ito ay parang pang-along muling nakapagpapasigla sa may sala.

Ang pagpapatawad na udyok ng pag-ibig ay pumupukaw rin ng pag-ibig, kung paanong nailalarawan ng isang salamin ang sinuman o anumang maharap dito. Saka muling nabubuhay ang pag-ibig at tiwala. Ang mga taong pinatawad ay waring muling nabuhay.

Minsan pa, Diyos ang may "imbento" sa pagpapatawad para mapaghilom ang nasugatang pag-ibig at ito'y mapasibol na muli. At ang Diyos ay hindi lamang nagpapatawad sa atin. Inaasahan at hinihingi rin Niyang tumulad tayo sa halimbawa ng Kanyang Anak na si Hesus, na nagtakdang ang pagpapatawad ay maging isa sa mga pangunahing tungkulin sa tanging dasal na itinuro niya sa kanyang mga disipulo.

Kaya nga, ang pag-ibig at pagpapatawad ay buhat sa Diyos at patungo rin sa Kanya. Siya rin ang kampeon at ang gantimpala nito. Ang mga ito ay isang magandang tumbasan: kailangan at mahalagang kahingian ang isa't isa. Nang dahil sa kanila kaya may buhay, kung paanong kapag ito'y nawala ay humahantong naman sa kamatayan. Kapag higit tayong magmahal, lalo tayong nahahandang magpatawad. Kapag tayo'y handang magpatawad, gayon din naman tayo kasabik magmahal. Sa gayon, tayong mga hamak na nilalang ay lalong natutulad sa Diyos.

Sa Linggong Hinaharap

Lunes • 1 Ha 21:1-16 • Mt 5:38-42

"Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo: "Huwag ninyong labanan ang masamang tao. Kung may sumampal sa 'yo sa kanang pisngi, iharap mo pa sa kanya ang kabila." (Mt 5:39)

Martes • 1 Ha 21:17-29 • Mt 5:4348

"Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo... Kung ang mga umiibig sa inyo ang siya lamang ninyong iibigin, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Hindi ba't ginagawa rin ito ng mga publikano? At kung ang binabati lamang ninyo'y ang inyong mga kapatid, ano ang nagawa ninyong higit kaysa iba?" (Mt 5: 44.46-48)

Miyerkules • 2 Ha 2:1.6-14 • Mt 6:1-6.16-18

"Pag-ingatan ninyo na huwag maging pakitang-tao lamang ang paggawa ninyo ng mabuti. Kapag ganyan ang ginawa ninyo, wala kayong matatamong gantimpala buhat sa inyong Amang nasa langit." (Mt 6:1)

Huwebes • Sir 48:1-14 • Mt 6:7-15

"Sapagkat kung pinatatawad ninyo ang mga nagkakasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa langit. Ngunit kung hindi ninyo pinatatawad ang mga nagkakasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama." (Mt 6:14-15)

Biyernes • 2 Ha 11:1-4.9-18.20 • Mt 6:19-23

"Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito'y may naninirang mga tanga at kalawang, at may nakapapasok na magnanakaw. Sa halip, ay impukin ninyo ang mga kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang tanga at kalawang, at walang nakapapasok na magnanakaw." (Mt 6:19-20)

Sabado • 2 Cro 24:17-25 • Mt 6: 24-34

"Huwag kayong mabagabag tungkol sa pagkain [at inumin] na kailangan ninyo upang mabuhay, o tungkol sa damit na kailangan ng inyong katawan. Hindi ba't ang buhay ay higit na mahalaga kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit? Masdan ninyo ang mga ibon: hindi sila naghahasik at nag-aani o kaya'y nagtitipon sa bangan. Gayunman, pinakakain sila ng inyong Amang nasa langit. Hindi ba't higit kayong mahalaga kaysa mga ibon?" (Mt 6: 25b-26)